Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-20 NG HULYO, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | Kasangguni |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |

---

## KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 156-2020

ISANG KAPASIYAHAN MULA SA BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NA NA MAGALANG NA HUMIHILING SA PUNONG LUNGSOD - INH. GILBERT T. GATCHALIAN NA MAHIGPIT NA MAIPATUPAD ANG UMIIRAL NA BATAS AT KAUKULANG PENA NA NILALAMAN NG PANLALAWIGANG KAUTUSAN BLG. 25-2016 O' KAUTUSAN NA NAGBABAWAL SA MAINGAY NA TAMBUTSO O' "MODIFIED MUFFLER" NG MOTORSIKLO SA LALAWIGAN NG BULACAN, NA INAMYENDAHAN NG PANLALAWIGANG KAUTUSAN BLG 28-2017, AT ANG PANLALAWIGANG KAUTUSAN BLG. 03-T'09 O KILALA RIN BILANG PANLALAWIGANG KAUTUSAN NA NAGPAPATAW NG PARUSA SA MGA NAGMAMANEHO NG MOTORSIKLO SA MGA LANSANGAN NG LALAWIGAN NG BULACAN NG WALANG SUOT NA HELMET.

ITINAGUYOD NI: KGG. ENRICO C. CAPULE
AKDA NINA: KGG. NOEL G. PINEDA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. ENRICO C. CAPULE, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ

SAPAGKAT, malaki ang naging epekto at naitulong ng mga Panlalawigang Kautusan Blg. 25-2016 dahil nabawasan ang dulot na ingay ng mga motorsiklo na siyang sumisira sa katahimikan ng ating komunidad;

SAPAGKAT, nagkaroon ng pag-aamyenda sa Kautusang ito sa pamamagitan ng Panlalawigang Kautusan Blg. 28-2017 kung saan ipinag-uutos na gumamit ng "*silencer*" sa mga motorsiklo upang mabawasan ang ingay nito;

SAPAGKAT, malinaw na ang pagnanais na mapaigting ang seguridad ng bawat isang nagmamaneho at angkas sa mga motorsiklo sa pamamagitan ng pagbabawal sa hindi pagsuot ng helmet na nasasaad sa Panlalawigang Kautusan Blg. 03-T'09;

SAPAGKAT, sa kabila ng mga nabanggit na mga Kautusan, ilang mga residente at mga dumaraan sa Lungsod ng Malolos ang pinagwawalang-bahala ito dahil sa kakayanan na mabayaran ang pena sa pagsuway dito;

SAPAGKAT, layunin ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos na mapanatili ang kaayusan at katahimikan sa nasasakupan ng Lungsod at maikintal sa bawat Malolenyo ang seguridad sa kanilang sarili sa kanilang sa pagbagtas sa lansangang kanilang daraanan;

SAPAGKAT, batay sa Seksyon 458 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas ay tungkulin ng Sangguniang Panlungsod ang pagpapatibay ng mga ordinansa at paggawa ng mga kapasiyahang kinakailangan para sa mabisang pamamahala sa lungsod, kabilang dito ang paggawa ng hakbang upang mapangalagaan ang kapakanan ng mga mamamayan ng Lungsod;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI | KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI | KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI | KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI | KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

Kung kaya't sa magalang na kahilingan ni Kgg. Enrico C. Capule, na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASIYA, gaya ng dito ay ginawang pagpapasiya, na magalang na hinihiling sa Punong Lungsod - Inh. Gilbert T. Gatchalian na mahigpit na maipatupad ang umiiral na batas at kaukulang pena na nilalaman ng Panlalawigang Kautusan Blg. 25-2016 o' Kautusan na nagbabawal sa maingay na tambutso o' "modified muffler" ng motorsiklo sa Lalawigan ng Bulacan, na inamyendahan ng Panlalawigang Kautusan Blg 28-2017, at ang Panlalawigang Kautusan Blg. 03-T'09 o kilala rin bilang panlalawigang kautusan na nagpapataw ng parusa sa mga nagmamaneho ng motorsiklo sa mga lansangan ng Lalawigan ng Bulacan ng walang suot na helmet.

PINAGTIBAY.

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

*KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

*KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI - ABC President

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

PINATUTUNAYAN:

KGG. NOEL G. PINEDA
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo
**wala sa panahon na pinagtibay ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod

DhorieTrogo(SDC2)*07202020